DATE: 14 JULY 2009
PUBLICATION: BALITA
SECTION/PAGE: p4

RBAP nakipagtulungan sa PDIC, BSP para sa responsible banking

Bumuo ng alyansa ang Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC) kasama ang Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) at ang local banking industry upang simulan ang krusada sa ligtas at responsableng pagbabangko.

Ang kolaborasyon ay naisipormal sa pamamagitan ng paglagda ng Memorandum of Understanding (MOU) na pinangunahan ng PDIC, BSP at kinatawan ng buong banking industry na binubuo ng Bankers Association of the Philippines (BAP), Chamber of Thrift Banks, Rural Bankers Association of the Philippines (RBAP) at Bank Marketing Association of the Philippines.

Kasabay ng MOU signing na ginanap kamakailan sa Asian Institute of Management, ay inilunsad ng PDIC ang "Be a Wise Saver" program - isang kampanya na naglalayong palawigin ang kaalaman ng mga depositor kung paano maproparatili ang ligtas at responsableng pagbabangko, sa pamamagitan ng "Seven Habits of a Wise Saver."

"Ang nakalipas na pagsasara ng ilang bangko, kasabay ng nakalulungkot na kuwento ng mga di-umano'y panloloko at pandaraya ay isang paalala na ang publiko ay nararapat lamang na magkaroon at mabigyan ng sapat na edukasyon at impormasyon kung paano panghahawakan ng tama at wasto ang perang kanilang pinaghirapan," saad ni Jose C. Nograles, presidente ng PDIC.

"Sapat, maingat na regulasyon at matibay na deposit insurance ang naghihigay ng kinakailangang proteksiyon para sa mga maliliit na depositor; subalit kinakailangan din natin ang kooperasyon ng mga depositor upang matiyak na ang ganitong uri ng proteksiyon ay umabot ng pangmatagalan," dagdag ni Nograles.

Ang mga lumagda sa MOU ay sina deputy governor Nestor A. Espenilla ng BSP; Jesus A. Jacinto Jr. ng BAP na siyang vice chairman din ng Banco de Oro; Pascual M. Garcia III ng Chamber of Thrift Banks na siya ring presidente ng PS Bank; Tomas Gomez IV ng RBAP na presidente rin ng GM bank; at Ferdinand La Chica ng Bank Marketing Association of the Philippines, na siya ring first vice president ng Sterling Bank of Asia. Ang apat na asosasyong ito ay kumakatawan sa mahigit nobenta porsiyento ng local banking industry.

Ang nabuong koalisyon ay magsasagawa at magpapatupad ng information campaign sa tulong ng kanilang bank networks na siyang magpapakalat ng impormasyon at magsasagawa ng mga roadshow.

Ang kampanyang ito na pinangungunahan ng PDIC ay naglalayong magbigay kaalaman sa publiko ng ilang bagay na dapat nilang malaman ukol sa pagbabangko, gaya ng: pagkilala sa banglo at mga produkto nito; kaalaman at pagkukumpara ng interest rates na ipinagkakaloob ng mga bangko, maging ang iba pa nitong serbisyo at miscellaneous charges. Layunin din ng programang ito na maliwanagan ang mga depositor tungkol sa banking discipline sa gitna ng mas pinalaking depositor protection coverage na ipinatupad kamakailan.

Ang kampanya ay inilunsad kasabay ng paggunita sa Depositor Protection and Awareness Week.

Ang deposit insurance limit ay itinaas na sa halagang P500,000 mula P250,000, simula Hunyo 1, 2009 sa ilalim ng Republic Act 9576.

Nasa larawan, mula sa kaliwa: Ferdinand La Chica, president, Bank Marketing Association of the Philippines (BMAP); Pascual Garcia III, president, Chamber of Thrift Banks; Jesus Jacinto, Jr., first vice president, -Bankers Association of the Philippines; Jose C. Nograles, PDIC President; Deputy Governor Nestor A. Espenilla Jr., Bangko Sentral ng Pilipinas; Tomas Gomez IV, president, Rural Bankers Association of the Philippines; Maria Leonida Fres-Felix, PDIC vice president for communications and stakeholder relations; at Ma. Yolanda Crisanto, secretary, BMAP.